Oktubre 2024

AT&T

# Pahayagan

*Sa lathalang ito:* • Mga patakaran sa pagsubaybay ng mga tawag • Pagpoprotekta sa pagkapribado gamit ang mga 800, 888, at 900 number • Libreng mga tawag sa Directory Assistance, kung kwalipikado kayo • Deaf and Disabled Telecommunications Program • Mga tradisyunal na home phone equipment para sa mga taong may kapansanan • AT&T Disaster Related Assistance

## Mga mensahe mula sa California Public Utilities Commission (CPUC) na inaatas ng batas

### Mga patakaran sa pagsubaybay ng mga tawag

Mahigpit na pinoprotektahan ng mga batas ng California ang inyong karapatan sa pagkapribado: Hindi maaaring hadlangan, subaybayan, o i-rekord ang inyong mga tawag maliban kung sumang-ayon kayo. Maaaring subaybayan at/o i-rekord ang inyong mga tawag sa telepono tanging kung:

- Sumang-ayon ang lahat ng mga partido sa tawag, o
- Nakakarinig ng beep o tono na nag-aabiso kada 15 segundo, o
- Nakakuha ng espesyal na pahintulot ang pulis o mga ahensiyang namamahala sa pambansang depensa.

Nagpapatugtog ang AT&T ng naitalang anunsiyong nagsasabing, "To ensure quality service, your call may be monitored or recorded. If you do not wish to be monitored or recorded, please advise your AT&T representative." Kung ipagpapatuloy ang inyong tawag, nangangahulugang ibinibigay ninyo ang inyong pahintulot.

Sinumang customer sa California na naglalaan ng kanilang sariling terminal equipment, at nagsusubaybay o nag-rerekord ng mga pag-uusap sa telepono, ay dapat magbigay-alam na nagsusubaybay o nag-rerekord sa pamamagitan ng isa sa mga paraan na nakalista sa itaas. Wawakasin ng AT&T ang serbisyo nitong customer dahil hindi sinunod ang patakarang ito, kung pagkatapos binigyan ang customer ng paunawang kailangang sumunod sa loob ng limang araw, hindi siya nakatugon sa kahilingan. Ibabalik ang serbisyo pagkatapos nakatugon ang customer at nabayad niya ang reconnection charge.

### Mga espesyal na patakaran para sa mga phone company

Bagaman may ibang mga patakaran sa pagsubaybay ang mga phone company, sineseryoso ng AT&T ang inyong karapatan sa pagkapribado. Ayon sa batas, maaaring subaybayan ng mga telephone company ang mga pag-uusap ng mga customer nang walang paunawa kung hindi inire-rekord ang tawag o isinusulat ang mga sinasabi sa tawag. Isinasanay nitong pagsusubaybay ang aming mga customer respresentative, repair technician, at mga kawani upang maibigay sa inyo ang pinakamahusay na serbisyo na posible.

Maaaring makakuha sa website ng CPUC ng kopya ng General Order 107-B na naglalaman ng buong teksto ng mga patakaran ng CPUC na umiiral sa pagsubaybay ng mga tawag sa telepono. Sa www.cpuc.ca.gov, tumungo sa "General Orders" at hanapin dito ang dokumento. Maaari din humingi ng kopya sa pamamagitan ng pagsulat sa: CPUC Re: Document Request, 505 Van Ness Avenue, San Francisco, CA 94102. May singil ito.

### Protektahan ang pagkapribado kapag tumatawag sa mga toll-free number at 900 number

Kapag tumatawag sa mga 900 number o toll-free number gaya ng 800, 888, 877, 866, 855, at 844, maaaring makuha at makita ng kompanyang tinatawagan ninyo ang inyong numero sa pamamagitan ng isang teknolohiyang kinokontrol ng FCC na tinatawag na Automatic Number Identification (ANI). Sa ANI, hindi ninyo maitatago ang inyong numero kapag ginagawa ang mga tawag na ito. Hindi din ninyo maibo-block ang inyong numero sa mga display ng mga tinatawagan ninyo gaya ng nagagawa ninyo kapag tumatawag sa ibang mga numero.

Kung gusto ninyong manatiling lihim ang inyong phone number, gamitin ang regular na telephone number ng kompanya sa halip ng kanilang toll-free number. Kung gagamit kayo ng toll-free number o 900 number, maaari ninyong hilingin na hindi ibahagi ang inyong telephone number sa mga kompanyang nagbebenta sa pamamagitan ng pagtawag.

Mag-ingat sa pagbalik ng mga tawag sa mga teleponong toll-free o mga 900 number na hindi ninyo kilala. Kahit nag-iwan ng mensahe ang isang kompanya o organisasyon na kilala ninyo, kailangan ninyong hanapin o gamitin ang telephone number na karaniwan ninyong ginagamit kapag tinatawagan ninyo ang negosyo o organisasyong iyon.

TA Fall Bulletin 10/24

### Libreng mga Local Directory Assistance call, kung kwalipikado kayo

Maaaring hindi kayo kailangang magbayad para sa mga tawag sa Local Directory Assistance kung ang gumawa ng mga tawag ay isang taong hindi kayang gumamit ng telephone directory, kung saan maaaring makuha, dahil sa isang kawalang-kaya sa paningin o pisikal na kapansanan. Magbibigay kami ng exemption kapag nakatanggap kami ng nabuong exemption form na nagpapatunay sa kapansan ng aplikante.

Exempt kayo sa mga singil ng Local Directory Assistance kung kayo ay mayroong:

- Serbisyo sa bahay at may miyembro ang inyong pamamahay na hindi kayang gumamit ng telephone directory, kung saan nakukuha, dahil mayroong kapansanan ang kanyang paningin o katawan.
- Business line para sa isang maliit na negosyo, kung saan ang lahat ng mga may-ari at mga empleyado ng negosyo, sa lugar ng negosyo, ay mayroon napatunayang kawalang-kaya sa paningin o ibang pisikal na kapansanan.
- Serbisyong pang-negosyo kapag ibinibigay ito sa isang organisasyon na sadyang binuo upang makatulong sa mga may kawalang-kaya sa paningin. Ang ganoong mga organisasyon ay maaaring may mga empleyadong walang kawalang-kaya sa paningin, gayundin mga empleyadong napatunayang mayroong kawalang-kaya sa paningin.

Upang makahingi ng exemption form at hindi magbayad ng mga Local Directory Assistance charges, mangyaring tumawag sa 800.772.3140 o TTY sa 800.651.5111.

Ang mga residential at business customer na hindi karapat-dapat sa Local Directory Assistance exemption ay kailangang magbayad ng $2.49 para sa bawat tawag sa Local Directory Assistance. May-bisa ang mga singil noong inilimbag itong pahayagan, subalit maaaring mag-iba. Maaring humiling ang customer ng hanggang sa tatlong numero bawat tawag sa Directory Assistance. Maaaring tumungo din ang mga customer sa aming www.therealyellowpages.com upang makakuha ng telephone number nang walang singil.

## *Mga mensahe mula sa AT&T*

### Deaf and Disabled Telecommunications Program (DDTP)

Ang Deaf and Disabled Telecommunications Program (DDTP) ay isang programang pinangangasiwaan ng CPUC upang matulungan ang mga consumer na nahihirapan sa paggamit ng telepono upang makuha ang suporta na kailangan nila sa paggamit ng basic phone service. Bilang libreng serbisyo sa mga consumer, nagbibigay ang DDTP sa mga taga-California na bingi at may kapansanan ng espesyal na phone equipment at relay services sa pamamagitan ng California Telephone Access Program (CTAP) at California Relay Service (CRS), ayon sa pagkakabanggit. Upang makakuha ng karagdagang impormasyon, mangyaring pumunta sa ddtp.cpuc.ca.gov o tumawag sa:

- Ingles: 800.806.1191
- TTY: 800.806.4474
- Espanyol: 800.949.5650

### Mga tradisyunal na home phone equipment para sa mga taong may kapansanan

Maghanap ng makukuhang mga home phone at access na maaaring magpaganda sa inyong pakikipag-ugnayan. Tumungo sa clarityproducts.com o tumawag sa 800.426.3738.

### AT&T Disaster Related Assistance

Kung sakaling magdeklara ng state of emergency ang Gobernador ng California o ang Presidente ng United States of America, maaaring maging karapat-dapat para sa customer assistance ang mga residential at small business customer ng AT&T sa California na mayroong wireline, VoIP, o wireless service. Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol dito at iba pang mga hakbang ng AT&T na may kaugnayan sa mga kalamida, mangyaring tumungo sa att.com/disasterrelief.

Maaaring mag-iba ang mga presyo at availability. Mangyaring tumawag sa 800.288.2020 (serbisyo para sa bahay) o 800.750.2355 (serbisyo para sa negosyo) upang makakuha ng kompleto at pinakabagong impormasyon tungkol sa mga produkto.

Ang inyong wika. Hinatid. Gayon din higit sa 240 iba. Tumawag sa 800.288.2020.

*Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa accessibility, mangyaring tumungo sa about.att.com/sites/accessibility. Maaari din kayong kumuha ng impormasyon sa att.com/cainfo.*

©2024 AT&T Intellectual Property. Reserbado ang lahat ng mga karapatan. Ang logo ng AT&T at Globe ay rehistradong mga tatak-kalakal ng AT&T Intellectual Property.

Inilimbag sa resikladong papel.